## PISTA NG PAGKABINYAG NG PANGINOON – TAON A

Isaias 42:1–4, 6–7; Aklat ng Mga Gawa 10:34–38; Mateo 3:13–17

***Pangunahing Tema:*** *Ang pagtuklas, pagpapatibay, at pamumuhay ng ating pagkakakilanlan bilang mga minamahal na anak ng Diyos, na naihayag sa binyag ni Jesus at pinaninibago araw-araw sa ating misyon na dalhin ang liwanag ng Diyos sa sanlibutan.*

### PANIMULA

Ilang taon na ang nakalilipas, ikinuwento sa akin ng isang ama ang isang sandaling hinding-hindi niya makakalimutan. Nag-aaral pa lamang lumangoy ang kanyang munting anak na babae. Nakatanaw ito sa gilid ng languyan, nanginginig sa takot at ayaw gumalaw. Bumaba ang ama niya sa tubig, iniunat ang kanyang mga bisig, at payapang sinabi: **"Nandito ako. Magtiwala ka."** May nagbago sa mukha ng bata—hindi dahil bigla siyang naging matapang, kundi dahil narinig niya ang tinig ng kanyang ama at alam niyang ligtas siya. Tumalon ang bata—at doon nagsimula ang kanyang pakikipagsapalaran.

Ganito rin ang ating ipinagdiriwang ngayon. Si Jesus ay humakbang patungo sa Ilog Jordan, at nagbukas ang langit. Lumabas ang malakas na tinig ng Diyos Ama at sinabing: **"Ikaw ang aking minamahal na Anak; lubos kitang kinalulugdan."**

Mula sa sandaling iyon, nagsimula ang hayagang misyon ni Hesus—hindi nag-iisa, hindi nag-aalinlangan, kundi buhat ng pagmamahal ng Diyos Ama. Sa ating sariling binyag, sinasabi din ng Diyos ang katotohanang ito sa bawat isa sa atin: **Ikaw ay akin. Minamahal kita. Tinatawag kita.**

### Homiliya: "Siya ay Bumaba... Upang Tayo ay Makaakyat."

Ilang taon na ang nakalilipas, ikinuwento sa akin ng isang parokyano ang isang karanasan tungkol sa kanyang apong babae. Binilhan niya ito ng isang maliit na globo ng mundo para sa kanyang ikalimang kaarawan. Pinaikot-ikot niya ito habang sinusundan ng kanyang munting daliri ang mga karagatan at kabundukan na pangarap niyang mapasyalan balang araw. Tumigil siya bigla sa pagpapaikot ng globo, itinuro ang lugar ng Australia, at tinanong, "Lolo, dito ba ako nanggaling?"

"Hindi naman talaga," sagot ng Lolo niya nang may ngiti. "Ikaw ay nagmula sa Diyos—at may mga dakilang plano ang Diyos para sa iyo."

Sandaling nag-isip ang bata, niyakap ang globo, at sinabi, "Kung ganoon, ang Diyos ay nasa lahat ng dako ng mundo... kahit sa loob ng globong ito."

Pagpapatotoo galing mismo sa bibig ng mga bata!

Ang Kapistahan ng Pagkabinyag ng Panginoon ay nag-aanyaya sa atin na pagnilayan kung saan nagmula si Hesus—at kung bakit Siya nagtungo sa landas na kanyang tinahak.

## 1. Ang Pagbaba sa Ilog Jordan

Isang manlalakbay ang minsang naglarawan ng kanyang pagbisita sa Ilog Jordan nuong panahon ng tag-lamig. Inasahan niya ang isang marilag na tanawin—malapad na tubig, kahanga-hangang malalawak na tanawin. Sa halip, ang kanyang nadatnan ay isang makitid at maputik na bahagi ng ilog, may mga tambo na nagkabuhol-buhol sa gilid, at isang munting agos na hindi naman nararapat kunan ng litrato. "Ito lang ba ang pinuntahan ko matapos kong lakbayin ang kalahati ng mundo?" nagmamaktol niyang sinabi. Pabulong naman na sinabi ng kanyang gabay, "At dito yumuko ang Langit."

Minsan, pinipili ng Diyos ang pinakamababang lugar upang ihayag ang pinakadakilang biyaya.

Sinasabi ng Ebanghelyo: "Sa panahong iyon, dumating si Hesus mula sa Galilea patungo sa Jordan upang binyagan ni Juan."

Ang Ilog Jordan—na ang pangalan ay maaaring nangangahulugang "ang ilog na bumababa"—ay halos isang libong metro ang baba mula sa Bundok Hermon hanggang sa Patay na Dagat. Dito sa bumababang ilog na ito bumaba si Hesus. At ang pag-babang ito ay hindi lamang heograpikal kung hindi teolohikal din.

Ang buong buhay ni Hesus ay maihahalintulad sa isang kilos ng pagbaba:

- mula sa kaluwalhatian ng Diyos hanggang sa karupukan ng isang sabsaban,
- mula sa kabanalan hanggang sa pagka-gutom at pagkapagod,
- mula sa Langit hanggang sa Nazaret,
- at ngayon, mula sa mga burol ng Galilea pababa sa maputik na tubig kung saan nakapila ang mga makasalanan.

Sinabi ni San Pablo na si Hesus ay "nagpakababa ng Kanyang sarili... at nag-anyong alipin." Si Kristo ay patuloy na bumababa, patuloy na yumuyuko, patuloy na nagiging maliit. Gaya ng sinabi ng isang matandang monghe, "Laging pagmasdan kung saan patungo si Hesus. Laging pababa ang Kanyang tinatahak—at saan man Siya magtungo, ang biyaya ay umaagos pababa."

Sa Jordan, ang biyaya ay umaagos pababa sa tubig—upang sa bandang huli ay muling umagos paitaas sa muling pagkabuhay.

## 2. Bakit Nagpabinyag si Hesus? Tatlong Pananaw

Minsan, isang paaralang pang-elementarya ang nagsagawa ng "araw ng pagpila," kung saan ang lahat ng bata ay pipila ayon sa kanilang tangkad. Isang matangkad na batang lalaki ang na-iilang na tumayo sa likuran kasama ang mga guro, hanggang sa may isang miyembro ng kawani ang bumulong, "Maaari kang lumaktaw sa pila at tumayo ka na lang dito sa amin." Umiling siya.

"Huwag na. Nandoon ang mga kaibigan ko. Gusto kong tumayo kasama nila."

Kalaunan ay sinabi ng guro, "Noong araw na iyon, mas marami akong natutunan tungkol sa pagkakaibigan kaysa sa lahat ng kursong pinag-aralan ko sa edukasyon."

Gayon din si Hesus—Siya ay nakatayo kung saan tayo nakatayo.

Nagulat si Juan Bautista. "Ako ang dapat Mong binyagan, pero Ikaw ang lumalapit sa akin?"

At madalas, nakikibahagi rin tayo sa kanyang pagkalito.

**A. Pumasok si Hesus sa ating pila**

Sinasabi ni Lucas: "Nang mabinyagan na ang lahat ng mga tao, nabinyagan din si Hesus."

Pumila Siya kasama ng mga makasalanan.

**B. Ipinakikita ni Hesus ang Kanyang programa sa buhay: ang pagsunod sa Diyos Ama**

"Hayaan mo muna ngayon. Nararapat na matupad ang buong katuwiran."

Ito ang balangkas ng Kanyang buong buhay.

**C. Ibinunyag ni Hesus ang puso ng Diyos Ama**

Bumukas ang Langit.
Bumaba ang Espiritu Santo.

Sabi ng Diyos Ama: "Ito ang aking minamahal na Anak."

Isang pagpapahayag ng banal na pagmamahal.

Gaya ng sinabi ng isang bata sa klase:
*"Kung si Hesus ay Anak ng Diyos, kung gayon ang Kanyang pagkabinyag ay parang sinasabi ng Diyos, 'Siya iyon! Siya ang Aking Ihinirang!'"*

Tumpak.

## 3. Ang Ating Pagkabinyag: Kung Saan Sinasabi ng Diyos Ama sa Atin ang Parehong Mga Kataga

Minsan, ipinakita sa akin ng isang lola ang isang kahon ng sapatos kung saan niya itinatago ang lahat ng kandila ng binyag ng kanyang mga apo. “Hindi nila naaalala ang kanilang mga araw,” sabi niya, “kaya ako ang umaalala para sa kanila.” Pagkatapos ay idinagdag niya, “Bawat kandila ay isang kuwento: ang araw na ang bawat bata ay naging kinalulugdan ng Diyos.”

Kung sana lamang ay naaalala rin natin ang sarili nating araw ng pagkabinyag nang may ganitong pagmamahal.

Karamihan sa atin ay nakalimut na. Ngunit iginiit ng mga santo: ang araw ng ating pagkabinyag ang pinakamahalagang araw ng ating buhay.

Sapagkat iyon ang araw na sinabi ng Diyos:
“Ikaw ang aking ihinirang na anak na babae. Ikaw ang aking ihinirang na anak na lalaki. Ikinalulugod kita.”

Maraming Kristiyano ang nahihirapang marinig ang tinig na ito.

Ang may-kundisyong pag-ibig—pagmamahal na nakabatay sa gantimpala—ay nilulunod ang tinig na ito.

Isinasapuso natin ang mga tinig na ito:
“Maging mabuti ka at mamahalin ka nila.”
“Gumawa ka ng mabuti at tatanggapin ka nila.”

Di kalaunan, tumitigil tayong namumuhay bilang mga orihinal nating mga sarili.

*“Ang bawat isa sa atin ay ipinanganak na walang katulad, ngunit karamihan sa atin ay namamatay bilang kahawig na lang ng iba.”*

Ngunit ang ating pagkabinyag ay isinisigaw nito ang ibang katotohanan.

Ikinalulugod ka ng Diyos maging sino ka man.

Upang muli nating marinig ang tinig na iyon, iminungkahi ni San Ignacio ang tatlong landas ng biyaya:

1. **Tuwirang karanasan,**
2. **Araw-araw na debosyon,**

3. **Mapayapang pagninilay at pag-unawa.**

Tanging sa panloob na Jordan muling nagiging malinaw at naririnig natin ang tinig ng Diyos.

## 4. Ang Jordan bilang Hangganan: Buhay, Kamatayan, at Pagtawid

Isang Ministro ang nagkuwento sa akin tungkol sa isang lalaking naghihingalo na at pabulong na nagsabing, "Nakatayo ako sa pampang ng ilog." Inakala ng kanyang pamilya na siya'y nalilito, ngunit hindi pala. "Naririnig ko ang daloy ng tubig," sabi niya. "Ngunit hindi ako natatakot. May tumawid na sa ilog na ito para sa akin." Tahimik siyang namayapa nang gabing iyon at nakangiti.

Ang Jordan ay matagal nang sagisag ng pagtatawid.

Tinawid ito ng bansang Israel patungo sa naipangakong lupa.
Nakita ni Moises ang lupaing naipangako mula sa kabilang ibayo.
Hanggang ngayon, sinasabi pa rin natin tungkol sa mga yumao: *"Tumawid na siya sa Jordan."*

Nang tumuntong si Hesus sa Jordan, ihinuhudyat na Niya ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.

Bumaba Siya sa sangkatauhan, sa kasalanan, sa pagdurusa, sa kamatayan—
upang hindi na papabayaan ng Diyos ang mga lugar na iyon.

Ang pagbaba ay nagwawakas sa isang libingan.  Ngunit nagtatapos ito sa mga bisig ng Diyos Ama.

## 5. Tinawag na Mamuhay bilang Hinirang Niyang mga Anak

Minsan may isang guro na pintor na nagsabi sa kanyang mga estudyante, "Bago ninyo hawakan ang inyong brotsa, tandaan ninyo ito: magpinta kayo mula sa loob palabas—hindi mula sa takot, hindi mula sa pagkagipit, kundi mula sa kung sino ka talaga." May isang estudyanteng nagsabi kalaunan, "Ang payong iyon ay nagbago hindi lamang sa paraan ng aking pagpipinta, kundi na rin sa aking pamumuhay."

Ganito mismo ang buhay Kristiyano: mamuhay mula sa loob palabas—mula sa pagiging ihinirang.

Sa bawat batang nabinyagan, nahipo ang kanilang tenga: "Effata—magbukas ka."

Maging bukás sa pag-ibig.
Maging bukás sa misyon.

Kailangan nating pahintulutan na muling mabuksan ang ating mga puso:

- upang patahimikin ang mga lumang paratang,

- upang itigil ang pagsukat sa ating pagpapahalaga sa sarili,
- upang magtiwala sa kagalakan ng Diyos Ama.

Maganda ang pagkakasabi ng isang espirituwal na tagapayo:
*"Ang buhay Kristiyano ay ang araw-araw na pananalig na ikaw ay minahal na, bago ka pa man makagawa ng anumang bagay na pwede kang gawing karapat-dapat."*

Ito ang tunay na anyo ng pagsunod:
hindi basta pagsunod sa mga alituntunin, kundi ang pagtiwala sa lubos na pag-ibig ng Diyos.

**6. Isang Huling Kuwento: Ang Pagtawid sa Jordan Sa Kasalukuyan**

Isang lalaki ang minsang nagkuwento sa akin tungkol sa kanyang lolo, isang tahimik na magsasaka na may malumanay na ngiti. Nang siya'y pumanaw, may natagpuan silang isang sulat sa kanyang aklat-dalanginan:

*"Darating ang araw na kakailanganin kong tumawid sa ilog. Sana'y hindi ako makaramdam ng pagkatakot. Ngunit naniniwala akong may Isa nang naunang tumawid sa tubig bago pa man ako. Kung Siya ay naroon, hindi ako lulubog."*

Iyan ang ipinangako ng Pagkabinyag ng Panginoon.

Bumaba Siya upang tayo ay makaakyat.
Lumusong Siya sa tubig upang samahan tayo kapag hinaharap na natin ang sarili nating pagtawid.
At dahil Siya ay bumaba, tayo ay babangon.

**Pagwakas**

Ngayong araw, itinuturo ng Diyos Ama si Hesus at sinasabing: "Ito ang Aking Ihinirang."

Ngayong araw din na ito, sa inyong pagkabinyag, sinasabi din ng Ama sa iyo ang parehong mga katagang ito.

Lumusong tayo sa ilog kasama ni Kristo—
sa Kanyang kababaang-loob,
sa Kanyang pagtalima,

Sa Kanyang pagkahirang—
at tumawid tayong kasama Niya patungo sa Lupang Ipinangako
kung saan naghihintay ang Diyos Ama sa Kanyang mga anak.

Amen.